

# Ang Birhen at ang Hari ng mga Bagyo<sup>1</sup>

Isa Lacuna

## Abstrak

Kung nanaiisin ng isa na maunawaan ang relasyon sa pagitan ng mga lipunang Pasipiko at mga panahong humubog sa kanila, kinakailangang tuklasin ng isa ang mga kalayuang temporal at tropiko na namamagitan sa modernong kaalamang meteorolohiko at katutubong karunungan umiiral sa tabi nito. Sapagkat sa huli, ang panahong Pasipiko ay isang heohistorikong karanasan, umiiral bago pa man ito naging obheto ng pag-aaral ng kontemporaryong kaabalahang pangklima, at kinakailangang makitunggali ng ekokritikal na pag-unawa ng panahon sa maraming paghilig na mayroon sa kasaysayan ng diskursong ito. Tinatangka ng artikulong ito ang gayong layunin sa pagkilatis ng mga tropong matatagpuan sa dalawa sa pinakakilalang relihiyosong alamat ng rehiyon, ang kay Virgen del Rosario at kay Bernardo Carpio, at pagsuri ng mga pagkakatulad at pagkakaibang matatagpuan sa pagitan nila. Sa pamamagitan ng mahambing na pamamaraan, tumutungo ang sanaysay na ito sa isang kabatiran hinggil sa relasyon ng lipunang Tagalog sa palagiang sakuna, isang pag-unawa na ang anumang hinaharap na mahalagang asahan ay kinakailangang makisangkot at makitaya sa *kinabukasan*, o ang walang tinag na kabukasan hinggil sa ating kagila-gilalas at makasaysayang relasyon sa panahon at sa lahat ng kalalabasang kaakibat nito.

**Mga Panandang Salita:** katutubong relihiyosong alamat; panahong pampanitikan ng Pasipiko; tropong pamanahon; tropong pambagyo; ekokritisismong Tagalog; Bernardo Carpio; Virgen del Rosario

---

<sup>1</sup>Ang sanaysay na ito ay isang nirebisang kabanata mula sa tesis ni Lacuna, isinulat at iniharap nong 2017 sa Pamantasang Ateneo de Manila.

If the winds of temptation arise;  
If you are driven upon the rocks of tribulation look to the star, call on Mary;  
If you are tossed upon the waves of pride, of ambition, of envy, of rivalry, look  
to the star, call on Mary.

— St. Bernard of Clairvaux, dasal mula ika-12 siglo

*In quoetis oculum tuum non respiciat.*

Ang naitatago ay hindi mailalahad sa katahimikan.

— mula sa awit na *Bernardo Carpio*

Ano ang bagyo? Sagutin natin ang tanong sa pamamagitan ng pagsasapilolohiya ng mga salik ng katutubong salaysay. Dahil sa haba nito, mahihinuha nating ang mga salaysay ay higit na mahirap maipasa kung ihahambing sa mga tanaga at bugtong, subalit kung ano ang kakapusan nito sa kaiklian ay binabawi nito sa pagiging masalita. Ang pinakamahaba, pinakamakapal, at *pinakahayag* na artikulasyon ng bagyo ay maaaring mahanap sa mga katutubong salaysay, at sa pagsasaisip nito, masasabi nating nahanap ng mga metaporang ipinunla ng salita at pinalago ng poesiya ang kanilang pinakamalaking pagpapahayag sa tiyak na anyong pampanitikanang ito.

Subalit, ang pag-usapan ang katutubong salaysay sa lunang Tagalog ay ang makipagtunggali sa wari isang kakulangan. Ang pinakamatatandang teksto na nakaligtas mula sa pananakop ng mga Kastila ay higit na Kristiyano kung ihahambing sa mga epiko at mito ng ibang pangkat etniko sa Pilipinas, at ang hindi pagkakapantay na ito sa mga panitikanang bahagyang makapagpapaliwanag ng kalapitan ng Tagalog sa presensiya ng mga Kastila.<sup>2</sup> Samantalang maaaring ang mga Tagalog ay may iba pa at

---

<sup>2</sup>Ayon kay Lumbea, maraming salik ang kinakailangang isalalay kung tatangkain ng isa na ipaliwanag ang kawalan ng katutubong panitikang Tagalog. Ang mga nasisirang gamit panulat, ang maligalig na pagkakasira ng mga panitikang itinuring na 'pagano,' at ang hindi pantay na paglipat mula katutubong katitikan tungo sa alpabetong Romano (na nagsanhi ng malawakang kamangmangan sa parehong luma at bagong sistema ng pagsulat), ang pagtuon sa mga paksang relihiyoso, at ang kamahalan ng paglilimbag ng mahahabang akda ay lahat nakapag-ambag sa pagkawala ng pinakakatutubong salaysay na naitalâ bago pa man ang ika-18 siglo. Maipagpapalagay rin ng isa na ang pagkasing pangpanitikanang ito ay higit na napabilis ng presensiya ng mga Kastila sa mga lipunang Tagalog, na higit na nabilad kaysa iba sa repormistang ligalig ng kanilang mga Kristiyanong mananakop. Ipinapanukala rin ni Manuel Arsenio ang katulad na pangangatwiran nang inihayag niya ang "teoryang paghahalili" upang maipaliwanag ang kawalan ng "purong" epikong Tagalog kung saan ang mga metriko romanse at ang pasyon ang pinakakilala, subalit iminumungkahi ni Resil Mojares ang paghahalili sa sarili nito bilang isang konseptong kultural na may kapintasan, iminumungkahing maaaring bagaman ang isang anyo ay waring humahalili sa isa, ang mga gamit nito ay hindi ayon sa kung paano sila nilayon, bilang binago upang isalalay ang simbolikong gawain ng naunang anyong pampanitikan.

higit na nakatatandang salaysay sa bagyo kaysa kung ano ang kasalukuyang makakalap natin, na napakakaunti ang umiiral sa ngayon ay isang realidad na kinakailangang katunggaliin sa pag-aaral na ito.

Ang gawain ng isang mag-aaral kung gayon ay wari ang ikutan ang limitasyong ito, ang imposisyong ito, at isang paraan upang gawin ito ay sa pamamagitan ng mga sumusunod na mapagtuklas na pagtatanong: kung ang impluwensiyang Kastila-Kristiyano ay napakapansin sa ating mga salaysay, kapwa kung gayon ng mga pormasyon at depormasyon nito ay kagyat na matuturol din. Kung mapapansin natin ang mga pag-iral na Kastila sa mga teksto at makapansin sa mga pamamaraan kung alin sa mga pag-iral na ito ang bumabaluktot papalayo mula sa kanilang mga simulaing tunguhin, nakapagpapahintulot ito sa atin kung gayon, sa isang paikot at paikid na pamamaraan, na makarating sa hangganan ng pangingibabaw ng ideolohikong Hispano at ang mabakas ang laylayan ng kung ano rin ang tinangka nilang burahin sa simula. Ang ganitong kilos, kasama ng ubod na kaabalaan ng mga akda sa bagyo, ay samakatwid nakatatagpo ng katinigan sa pag-aaral sa dalawang pinakamahalagang tauhan ng katutubong panitikan ng mga Tagalog: ang Virgen del Rosario at si Bernardo Carpio. Kapwa masasabing ang mga ito ay representasyon ng mga pigurang nasa kalagitnaan ng bagyo, at sa pagsusuri sa kanilang mga tiyak na relasyon sa masidhing panahon ay makapagpapahintulot sa ating intindihin ang bagyo sa karaniwang harayang Tagalog.

## **Paghahanap para sa Birhen ng Bagyo**

Mababakas man ang alamat ng Birhen ng Rosaryo sa kontekstong Tagalog maging noon pa mang 1606, ang koneksiyon ng Birhen at ng bagyo ay mababakas maging noon pa mang 1212, ang taong pinagtatayaan ng mga tekstong Katoliko ang pag-usbong ng banal na rosaryo (Montfort 2). Natagpuan ni Dominic de Guzman, na mas kilala bilang Sto. Domingo, ang kaniyang sariling tumatangis at isinasagawa nang nagngangalit ang isang penitensiya para sa mga nagkasalang Albigensiyang, na siya ay nalagay sa isang komatos, at sa kalagayang ito ng kawalang-malay siya binisita ng Ina ng Diyos. Sa kaniyang panaginip, binigyan siya nito ng isang “banal na sandata” upang tulungan siyang baguhin ang mundo, at inutusan siyang pumukaw ng mga hindi naniniwala sa ilalim ng kaniyang pangalan at kasama ng kaniyang anghelikong aklat ng mga salmo. Puno ng lakas at labis na napalakas ang loob ng pakiusap ng Birhen, kagyat na nagtungo si Sto. Domingo sa pinakamalapit

na katedral at naghandang mangaral. Gayumpaman, sa pinakasimula ng kaniyang sermon,

an appalling storm broke out, the earth shook, the sun was darkened, and there was so much thunder and lightning that all were very much afraid. Even greater was their fear when looking at a picture of Our Lady exposed in a prominent place they saw her raise her arms to Heaven three times to call down God's vengeance upon them if they failed to be converted, to amend their lives, and seek the protection of the Holy Mother of God. (Montfort 2-3)

Lumawig ang pagkakakilala kay Sto. Domingo sa mga sumunod na taon pagkatapos ng himalang ito, at sa 1216, itinatag niya ang Orden ng mga Mangangaral upang tumulong sa kaniyang misyon ng “informed preaching” laban sa “rampant heresy” na waring matatagpuan saanman sa kontinente (“History of Dominican Friars”). Naglakbay ang mga Dominikano sa kalakhan ng Europa noong Edad Medya, at noong Panahon ng Pagtuklas, nakaabot sa kalayuan ng California, Carribbean, Mexico, at Peru sa Bagong Daigdig. Sa pananakop sa Pilipinas, ang Ordeng Dominikano ay nagsimulang maglakbay mula Nueva España tungong Maynila, narating ang daungan ng Cavite noong 1581. Tulad ng kanilang nakagawian noong panahong ito, itinatag nila ang isang probinsiyang Dominikano sa lugar na ito, at tinawag itong “the Most Holy Rosary of Mary the Mother of God, ever virgin” (Aduarte 126).

Ang kaugnayan ng Birhen sa mga Dominikano ay nauulit muli sa *Reseña histórica de la milagrosa imagen de la Virgen del Rosario* (1907), bagaman sa higit na hindi obhetibo at mas mapaghimalang termino kaysa pagsasakasaysayan ni Aduarte. Dito, isang Padre Manuel Rodriguez ang nagsasalaysay sa mga pangyayari sa pagkakatatag ng Probinsiya, at kung paniniwalaan ang kaniyang salita, ang pagdating ng Birhen ay hindi lamang pinagpala, kung hindi ang kapangyarihan at pagpapala niya ay labis na mapagpakita na ang pagsamba sa kaniya ng mga katutubo ay makikitang halos hindi maiiwasan. “The history of the Church in these parts testifies that where the Dominican Order takes root, wherever its white scapular appears, a devotion to the sovereign Queen of Heaven appears immediately amongst the faithful.” (39-40) Ang Birhen ng Rosaryo, maalamat na bago pa man ang kaniyang pagtawid na trans-Pasipiko, ay nagsimulang magkamit ng isang higit na tropikong kapangyarihan nang ang mga himalang ikinabit sa kaniya ay nakahanap ng isang higit na lokal na tagpuan at nakataon ng masidhing panahon ng Pilipinas.

May isang buong kabanatang laan ang *Reseña histórica* sa relasyon ng Birhen sa bagyo. Ayon kay Rodriguez, ang pawang presensiya ng Birhen ay naramdaman nang may pitong ulit sa pagitan ng mga taong 1606 at 1621, at ang lahat ng kaniyang mga himala ay may kinalaman sa pagsagip ng

mga lumulubog na barko at nalulunod na mga mandaragat.<sup>3</sup> Ang kaniyang palaging kaugnayan sa matubig na sakuna ang nakapagdugtong sa kaniyang mahaba nang titulo, sapagkat maliban pa sa pagiging kilala bilang Birhen ng Rosaryo, tinukoy rin siya bilang tagapagtanggol ng mga nabigador (141-154).<sup>4</sup>

The church calls the Virgin the star of the sea, and such an appellation is beautiful because of its exactness and propriety . . . the Queen of Heaven is an ever-present and luminous beacon for all who invoke her name. When one is caught between life and death in the raging waves of the sea, the Virgin will always guide to ports of refuge and salvation. The sea and its shores have repeatedly borne witness to the unique favors granted by Our Lady of the Rosary. When her portentous image in Manila is invoked, unhappy sailors caught in turbulence and storms so frequent at certain times of the year in these tropical seas, are blessed. In order, therefore, that such great favors not be erased from memory, in order to inspire piety and devotion in seafarers, and to encourage them to rely on the powerful patronage of the Virgin of the Rosary when they find their lives endangered by the savagery of the elements, we will now refer to several legally proven products of all that Our Lady of the Rosary has done for sailors (Rodriguez 141).

Mahihinuha na natin ang isang pagkakaiba sa pagitan ng salaysay ng Birhen ng Europa at ng sa Pilipinas. Bagaman kapwa itinampok ang mga ito sa mata ng bagyo, ang kanilang relasyon sa mga ito ay kumikilos sa halos magkasalungat na direksiyon. Sa karanasan ni Domingo, ang Birhen

---

<sup>3</sup>Bagaman labas sa saklaw pamanahon ng pangunahing tekstong pinili sa partikular na artikulong ito, mahalagang mabanggit ang La Naval de Manila, na isang pistang nagdiriwang ng mga mapaghimalang tagumpay ng Kastila at katutubong puwersa laban sa isang tangkang pananakop ng mga Holande noong 1646. Tulad ng mga alamat na aking tinatalakay, ang tagumpay ay itinuturing bilang sa pabor ng Birheng Maria, at ang isang higit na napalawig na talapanahunan ay mapaiinam sa pagsasama ng pangyayaring ito sa pagsusuri. Hinggil sa La Naval, tingnan kay Ocampo, at kay Joaquin.

<sup>4</sup>Ang tagapagtanggol ng mga nabigador ay isa ring pagtukoy na ibinibigay sa Portuges na Birhen sa Brazile (*Nassa Senhora dos Navegantes*), at binabanggit ni Rodriguez na ang imaheng dinala sa Maynila ay buhat mula Mexico, na nakapaghahain sa atin na ang relasyon ng Birhen sa mga bagyo at mandaragat ay hindi isang tiyak na pagbabagong Tagalog. Higit pa dito, mayroon pang Birhen sa Luzon na may kinalaman sa paglalayag, ang Birhen ng Antipolo, na kilala rin bilang Birhen ng Kapayapaan at Ligtas na Paglalakbay, na maaaring makapag-ari bilang nasa parehong dominyo ng Virgen del Rosario. Gayumpaman, ang naghihiwalay sa dalawang ito ay ang paraan ng kanilang pamamagitan: ang Virgen del Rosario ay maaaring tawagin kapag ang isa ay nasa kalagitnaan na ng bagyo sa dagat nang hindi nangangailangan ng kaniyang imahen, samantalang ang Birhen ng Antipolo ay kinakailangang pisikal na naroon sa paglalakbay upang mapigilan ang pagkawasak ng barko mula sa bagyo o sa paglusob ng mga privateer. Ang kaniyang mga himala ay hindi kinakailangan ng mga bagyo, kung hindi ang ganap na kawalan nila sa hinaharap.

ng Rosaryo ay isang nakakatakot na presensiya sa langit, puno ng galit at banal na pagtubos, samantalang sa Maynila, siya ang *estrella del mar*<sup>5</sup> (Roten “Star of the Sea”) at ang *faro luminoso* ng pag-asa at pagtubos. Kung sa unang salaysay, siya ang dulot ng kamatayan at pinagmumulan ng bagyo, sa huli naman, siya ang pagpigil sa kamatayan, at ang mga bagyo ay hindi niya likha kailanman. Kung kaya, ang kaniyang pamamagitan ay nagsimulang gumana sa ibang tunguhin. Sa Europa, ang Birhen ay nakikialam upang higit pang mga tao ang magdasal. “God wished, by means of these supernatural phenomena, to spread the new devotion of the Holy Rosary and to make it more widely known” (Montfort 2) Sa Maynila, nagdarasal ang isa sa pag-asang ang Birhen ay maaaring mamagitan. Dito matatagpuan ang unang giyang tropiko ng artikulasyon ng Birhen: ang kaniyang kontinental na pagtawid ay nakapagbago sa kaniyang inilalarawang galit bilang kabaitan, at mula sa pagiging banal na berdugo ay naging isa siyang tagapagtanggol at tagapangalaga. Ang kaniyang pamamagitan sa isa ay paghula sa kamatayan, at sa kabila, ang pagpapatuloy ng búhay.

Isa pang tagapag-iba ng temperado mula sa tropikong Birhen ay ang kaganapan ng kaniyang presensiya. Sa pahayag ni Montfort, ang pinakanaaalalang pangaral ni Sto. Domingo ay parating sinusundan ng isang pagdalaw: ang imahen ng Birhen at ang kaniyang mga panuto ay palaging tahasan sa tuwing nagpaparamdam siya sa santo, at ang kaniyang pagpapakita ay nag-iimbiba ng walang kalituhan sapagkat siya ay malinaw na nakikita at naririnig ng mga pandama (2-7). Kung kaya nagagawa pa nga ni Montfort na sipiin siya sa kaniyang mga paghahalaw, na nakapagpapakapal ng mga kawing ng pagpapatunay na lumiligid sa partikular na salaysay na ito. Panghuli, parating iniwanan ng Birhen si Domingo ng isang nahahawakang paalala ng kaniyang pagdalaw: sa Toulouse nagbigay siya kay Domingo ng isang rosaryo, sa Notre Dame isang aklat. Kaya, maipagpapalagay natin na ang paniniwala sa Birhen ng Rosaryo ay hindi gaanong tungkol sa pananampalataya subalit higit sa paniniwala sa isang hindi maitatangging bakas ng mga patunay. Ang magtangga sa kaniyang salaysay ay hindi lamang pagtangga sa isang paniniwala, subalit pagtangga rin sa pagiging kapani-paniwala ng mga pandamdang ng tao.

---

<sup>5</sup>Ang pangalang *estrella del mar* ay maaaring mabakas pabalik sa higit na matandang bersiyon ng pangalang ito, na ang Latin na *stella maris* (talâ ng dagat). Si St. Jerome ang pinaniniwalaan bilang unang gumamit ng partikular na pagtukoy na ito, subalit bilang *stilla maris* (mga patak ng dagat). Si Paschasius Radbertus ang unang hayagang gumamit ng *stella maris* sa kasalukuyan nitong anyo noong ikasiyam na siglo: “Mary, Star of the Sea, must be followed in faith and morals lest we capsize amidst the storm-tossed waves of the sea. She will illumine us to believe in Christ, born of her for the salvation of the world.”

Sa kabilang banda, ang koneksiyon ng Virgen del Rosario sa kaniyang mga himala sa mga isla ng Pilipinas ay waring higit sa lahat isang bagay ng pananampalataya at pagpapalagay, at ang kaniyang relasyon sa mga bagyo ay isang bagay ng tradisyonal na dominyo. Sa pinakamabuti, ang kaniyang pigura ay napakalabo na ang kaniyang kasarian ay hindi matitiyak, at sa pinakamasama, siya ay ganap na hindi matatagpuan maliban na lang sa kaniyang pangalan at sa pagpapakita ng isang hindi maaaring obheto. Halimbawa, ang mapaghimalang salik sa salaysay ni Francisco Donoso ay ang kadalian kung paanong nahati ang palòng ng kaniyang barko (Rodriguez 145); samantalang sa salaysay naman ni Neyra, ito ang mahiwagang batang gumagabay sa kaniyang walang malay na katawan pabalik sa kaniyang bangka (Rodriguez 149). Sa mga salaysay ni Bernabe de Castaneda at Martin Reten, isang estranghero ng hindi kilalang kasarian ang nagpayo at gumabay sa kanila sa mga mabagyong katubigan (Rodriguez 150, 153), habang para kay Esteban de Luna, ang kaniyang kagyat na paglutang at mapalad na pagiging naroon din ng isang katutubo ang nagligtas sa kaniya mula sa pagkamatay sa tubig (Rodriguez, 152). Para kay Fadrique de Sossa at Alonso Gutierrez, ito ang pinagpalang hanging nakapagpagalaw sa kanilang mga barko mula sa pagkakatigil sa gitna ng bagyo (Rodriguez 153). Panghuli, sa salaysay ni Francisco Lopez, ang himala ng bagyo ay nagsaanyo sa isang pag-ikot at pagkaantala (Aduarte 144-145).

Maliban sa bagyo, ang nananatiling pareho sa lahat ng mga alamat na ito ay ang pagiging hindi matitiyak mismo ng Virgen; wala siyang pangangailangan para sa isang katawan, o ipalabas ang kaniyang sarili sa isang tiyak na hitsura sa kaniyang mga deboto, sa kabila ng paghihirap ng mga Dominikanong prayle na iangat ang kaniyang imahen mula sa Mexico para sa pagbabagong-loob ng mga katutubo (Rodriguez 40). Sa halip, ang tanging bagay na wari mahalaga para sa Virgen del Rosario ay ang pagtawag sa kaniyang *pangalan*. Ang lahat ng mga nabanggit na lalaki ay tumawag sa kaniya (partikular na, ang Virgen ng Maynila) sa gitna ng marahas na panahon, at bagaman hindi tumutugon ang Birhen sa parehong pamamaraan, ang kaniyang natatanging pabor ay parating nakikitala maging walang pagkakakilanlang pampaningin o pampandinig. Ito ang ikalawang paglalarawang tropiko ng Virgen del Rosario: na nakikilala siya maging sa kawalan ng paningin, kawalan ng pandinig, kawalan ng katiyakan. Makapagpapalagay tayong ito ay dahil isinasakatawan ng Birhen ang anumang higit pa sa kaniyang iniangat na anyo; tulad ng sinabi ni Mojares, isa siyang pagpasok sa isang buong konstelasyon ng mga imahen na umiiral na bago pa man ang pagdating ng Katolisismo (146). Subalit paano natin malalaman kung ano ang mga imaheng ito?

Isang paraan kung paano kahaharapin ito ay ang pananatili pa nang mas matagal sa katanungan hinggil sa kaniyang pangalan, kaniyang pagtawag. Ano ang pangalan ng Birhen? Ano ang *nasa* kaniyang pangalan? At ano nga ba ang talaga ang tinatawag natin sa tuwing nagdarasal tayo dito sa gitna ng isang bagyo? Alam natin mula sa salaysay ni Rodriguez na ang buong pangalan ng *Virgen ay Nuestra Señora del Rosario protectora de los navegantes*, at alam nating na ito ay malimit ipagpalit sa mas maikling *Virgen del Rosario*, subalit ang ibahagi ang mga pangalang ito sa madlang walang kaalaman ng Kastila ay mistulang isang nakalilitong gawain. Kung kaya, maaari nating ipagpalagay na ang isang pagsasaling Tagalog ng pangalan ay umiral, kung para lamang makapanghikayat at makapukaw ng higit pang mga katutubo na mag-alay ng debosyon sa kaniya.

Ang “*nuestra*” sa *Vocabulario de la lengua tagala* ay maisasalin sa Tagalog bilang “*atin*,” isang panghalip na tumutukoy sa pagmamay-ari sa isa ng isang pangkat.<sup>6</sup> Ang ikalawang salita, “*señora*,” ay waring katulad ng salitang “*ginoo*.”

GINOO. pp. Principal señora: á las mugeres en su lengua llaman *ginoo*. A los varones *maginoo*. En el comintan á ambos *ginoo*. En realidad *maginoo*, es común á hombres y mugeres, pero si habla con un hombre *maginoo*, si es una muger *ginoo*. *Vm*, llamar asi. In, a quien. *Mag*, portarse como tal. *Hin*, ante quien. *Maqui*, meterse con los principales. *Paquihan*, ellos. *Ipaqui*, causa. *Magmaginoo*, hacerse del *maginoo*. Layagin *ginoo*, viento *galeno*. *Caginoohan*, principalía.

Ang unang bahagi ng pakahulugan ay tumutukoy sa kahalagahan ng taong pinag-uusapan. Sila ang “*principal señora*,” kung saan ang nangangahulugan ang “*principal*” ng pinakabantog, pinakamahalaga, o pinakaginagalang. Sa madaling sabi, isang taguri para sa mga taong itinuturing bilang nakahihigit sa lipunan. Ang pangalawang bahagi ay nakatuon sa dulas ng termino kung gagamitin sa alinmang kasarian. Ang “*ginoo*” ay maaaring gamitin para sa lalaki o babaeng suheto, subalit kung kinakailangan ng isa ang pag-iiba, ang pagdagdag ng unlaping *ma-* ay maaaring gamitin upang tukuyin ang isang presensiyang lalaki. Isa pang gamit ng unlaping *ma-* ay ang gawin ang ugat bilang isang pang-uri o panghalip na pangmaramihan. Ang “*maginoo*” ay maaaring maglarawan ng isang kilos (isang pagpapalabas ng mga kilos ng isang nakatataas o ang pagpapalabas ng isang kilos na higit na pino kaysa karaniwan) o ang pagkumpas tungo sa isang uri ng mayaman at nakapagaral na mga tao. Bagaman walang pahiwatig sa *Vocabulario* kung ang tikas na ito ay nakikita bilang higit na nakabubuti o nakasasama sa kontekstong pambayan ng mga karaniwang tao, waring ligtas na ipagpalagay na ang

---

<sup>6</sup>Lahat ng mga pakahulugang tinutukoy sa sanaysay ay mula sa *Vocabulario de la lengua tagala* nina Noceda at Sanlucar, liban na lamang kung sasabihing hindi.



maging “maginoo” ay ang kumilos sa isang uri ng pinong saloobin na pinupuri sa karamihan ng mga pangkat panlipunan. Ang “ginoohin,” “ipaquiginoo,” at “magmaginoo” ay tumutukoy sa patutunguhan o pinagmumulan ng kilos, habang ang “maquiginoo,” “paquihan,” at “caginoohan” ay nagmumungkahi ng kasangkutan sa isang tiyak na malaking pangkat ng mga nakatataas na piling taong ito, na may pagtatanging pang-uri o panlahi.<sup>7</sup> Subalit, ang pinakainteresanteng bahagi g pagpapakahulugan ay sa bahaging “layagin ginoo” ng pagpapakahulugan, na isinasalin nina Noceda at Sanlucar bilang “viento galeno,” na sa karaniwang pag-unawa ay masasabing isang banayad at mainam na hangin para sa paglalakbay (“Galeno”).<sup>8</sup>

Madaling maisasalin ang “del Rosario” bilang “ng Rosaryo,” subalit ang kakatwa sa *Vocabulario* ay isinasalin ang rosaryo bilang “cuintas.” May iba pang pangalan para sa ibang mga uri ng kuwintas, tulad ng “binatac,” na tumutukoy sa mga gintong kuwintas, at “pamoti nang leeg” upang tukuyin ang mga karaniwang adorno sa leeg, subalit ang “cuintas” na ginagamit sa kontemporaryong sandali upang tumukoy sa anumang uri ng alahas sa leeg, ay waring tiyak na ginagamit upang tumuro sa banal na agimat ng Virgen. Subalit, higit pa sa pagiging karaniwang pagtatalagang ornamental, gumagana ang rosario-cuintas bilang tuonan ng tiyak na gaya ng Virgeng ito: ito ang nag-iiba sa kaniya mula sa lahat ng Virgen na umiikot sa kapuluan, at tiyak na umaangkla sa kaniya sa marahas na panahon (Mojares “Stalking the Virgin” 148).

Ngayon, sa ganang mistulang nakatuon ang pagkakakilanlan ng Birhen sa banal na kuwintas na ito, sa ganang mapagtanggol na kapangyarihan nito at kakayanan nitong makapagpahaya sa kaniyang kontrolin ang panahon,<sup>9</sup> maaring hindi talaga natin pinag-uusapan ang mga abaloryong pandasal ni Domingo at higit nating tinutukoy ang isa sa pinakakilalang piraso ng alahas sa katutubong kasaysayang Tagalog: ang anting-anting.<sup>10</sup> Ang lahat ng salik na kinakailangan upang lumikha ng isang aguimat ay mistulang nasa mga

---

<sup>7</sup>Ginagamit ni Reynaldo Ileta ang “maginoo” bilang isang pangalang pangmaramihan sa *Pasyon and Revolution*, kalimitang kakawing ng “mayayaman” at “pinunong bayan,” at kaniyang pinangatwiranang ito ang kinalaunang magiging uring *ilustrado* ng ika-19 siglo, na parating ginagamit bilang kasalungat ng *pobres y ignorates* ng pangkat na hindi maginoo. Tingnan kay Ileta, 15-18.

<sup>8</sup>Pinakahuhulugan ang *galeno* bilang “dicho del viento: Suave y apacible,” o “sinasabi sa hangin: banayad at mainam.”

<sup>9</sup>Ang lahat ng tatlong ito ay mga katangian ng anting-anting, na binaggit sa *Pasyon and Revolution*. Tingnan kay Ileta, 24-27.

<sup>10</sup>Sa karagdagang “Vocabulario Hispano Tagalog” sa *Vocabulario de la lengua tagala* ibinibigay ang sumusunod na pagpapaliwanag: “Cosa supersticiosa con que creen librarse de los peligros y armas ofensivas. *Anting anting*, pc. *Dupil*, pp. *Aguimat*, pp. *Galing*, pc.”

salaysay. May isang mapagpadalisay na rito sa pamamagitan ng karanasan ng bagyo, isang pagtawag sa banal, at pangyayari ng isang himala (Ileto 26). Samakatwid sa saling ito, masasabi nating ang Virgen del Rosario ay nagiging Virgen ng Cuintas na Aguimat.

Subalit nais kong idagdag na ang pagtataglay sa tagpong ito ay hindi pawang kalagayan ng pagmamay-ari nang sarilinan, subalit ng pagiging inaari din. Ang alamat ni Neyra ang pinakamabuting nagsasahalimbawa nito sa kaniyang pagsasalaysay sa kaniyang himala:

In the fervency of his prayer, so ardent and so humble, he completely lost his senses, and remained in the deepest paroxysm, and without knowing how or when, the moment he came to himself, with an inexplicable joy he found himself seized by hands of the edges of the champan-ship, at which time, not being the owner of the emotions he felt, he sighed deeply and burst into these words: "Ah! Our Blessed Lady, Mother of God, my mother!"<sup>11</sup> (Rodriguez 149)

Si Neyra ay “nawala sa kabaitan” at kinakilangang “bumalik sa sarili” matapos ang pagtawag, at higit pa sa pawang paglikha ng paralelismo sa pagitan ng kaniyang lubos na kaligayahang pantubig at mala-babaylang pagkawala sa sarili, masasabi rin nating ang rosario-cuintas ay gumagawa bilang isang daluyan ng dalamhati: si Neyra ay naging “ibang tao” sa isang saglit, at ang kaniyang pagbabagong-anyo ay isang kinakailangang proseso para sa kaniyang pagkatubos upang makatawid. Ang tropo ni Neyra—bilang-Virgen ay hindi lamang nagpapanukala ng pangangailangan para sa metamorphosis kapag nahaharap sa kawalang-pag-asa, kung hindi sa kawalan nga ng pag-asang ito napahahayang magmateryalisa ang Virgen sa isang katawan. Ang “cuintas” ang lunan ng kawalan ng pag-asa; ito ang simbolo ng banal na natatawag ng walang pag-asa para sa isang mapaghimalang pagtubos, at sa kabilang direksiyon, ito ang nagpapahintulot sa Birhen sa isang bihirang sandali ng materyalidad.

Ang “protectora,” mula sa salitang Kastila na “proteger,” ay may apat na magkakaibang katapat sa Tagalog: “ampon,” “tangol,” “tangcacal,” at “tangquilic,” at pitong magkakaibang pakahulugan sa pagitan ng apat na salitang ito. Samantalang ang lahat ay pinakahuhulugan ng aktibong pagnanasang protektahan ang isang bagay mula anuman, ang pamamaraan ng kanilang depensa ay bahagya pa ring magkakaiba mula isa’t isa. Ang “ampon” ay isang hininging proteksiyon, samantalang ang “tangol” ay maaaring isang pasibong proteksiyon o isang proteksiyon sa pamamagitan ng pagbalik sa sinumang naiwan. Ang “tangcacal” ay proteksiyon sa pamamagitan ng

---

<sup>11</sup>Salin ni Lacuna.

agresyon, samantalang ang “tanguilic” ay proteksiyon sa pamamagitan ng aktibong pagsagip.

Para naman sa “navegantes,” wari walang tahasang saling Tagalog, bagaman may isa tayong salita na ginagamit sa kahulugan nito, at ito ang “panatolac.”

PANATOLAC. pp. Salir de algún lugar cuando se parte del pueblo. P. in. *M. Aling bayan ang iyong pinanatolacan.* Y, la causa. Es propio de navegantes. Sinónimo Tolac. Vide Alis.

Ang pakahulugang ito ay nagsusulong na ang “panatolac” ay isang katangian ng mga nabigador, at mula dito, inilalarawan ito bilang huling lugar kung saan itinutulak ng isa ang bangka. Hindi tulad ng salitang “doongan,” na pinakahuhulugan bilang isang lugar ng pagdating at pag-alwas (“puerto, desembarcadero”), naiiba ang “panatolac” sa kilos ng pag-alis, kung gayon ang pagkakatulad nito sa “alis.” Pangalawa, natatagpuan itong nakasentro sa salitang “tolac,” na pinakahuhulugan bilang “rempujar” o isang mapuwersang paggaod (“Rempujar”). Panghuli, ang mapaglarawang bahagi ay nagsasabi ng isang matalik na kaalaman ng isang daungan, na sa kasidhian ay maipagpapalagay nating walang maraming “panatolac” subalit nag-iisang mahalaga: ang una. “Aling bayan ang iyong pinagtulakan?” o “Saang bayan ka nagmula?” Tunay na maaaring ang parirala ay gumagamit ng salita tulad ng paggamit ng isa sa salitang “daungan,” sapagkat ang “bayan” ang umaangkla dito sa isang tiyak na lugar, pagkakakilanlan, at alaala. Samakatwid, ang magsalita hinggil sa katangian ng “navegantes” ay ang magsalita hinggil sa isang tahanang iniwan, ang hantungang pugal, ang lunan ng pangunahing pag-alis at, kung mapagpatawad ang kapalaran, ang lugar hindi lamang ng pagdating kung hindi ng huling pagbalik.

Mayroon ding ilang mga diyos na Tagalog na maaaring pagtukuyan ng ganitong paglalarawan, subalit sa katangian na rin ng panitikang Tagalog bago dumating ang mga Kastila, may kakapusan ng mga tekstong makapipigil sa atin na matiyak ang anumang hinggil dito. Sa *Relacion de las Yslas Filipinas* (1582) ni Miguel de Loarca, pinag-uusapan niya ang isang digmaan sa pagitan ng lupa at ng dagat, at may isang kakatwang kontemporaryong pagsulong na nakapagtatalaga sa palaaway na babaeng tubig na ito bilang Amansinaya at ang lupa bilang Bathala, subalit hindi lamang nagkukulang ng anumang tekstong patunay ang pagpapalagay na ito, kundi sa katunayan ay hindi rin Tagalog ang alamat na ito (Scott 233).<sup>12</sup> Higit pa dito, sinasabi rin ni Scott

---

<sup>12</sup>Sa aking pagsipi: “Our earliest surviving account of Tagalog religion is a remarkable two-paragraph summary by encomendero Miguel de Loarca, remarkable in that it sounds much like what is nowadays called folk Catholicism.” Subalit, partikular na sinasabi ni de

na si Amansinaya ang ama ng iba pang diyos na nagngangalang Sinaya, subalit hindi niya maayos na isinasangguni kung saan maaaring nagmula ang impormasyong ito: walang anumang banggit ng diyos/a o ng kaniyang anak alinman sa *Relaciones* ni Chirino at de Loarca, o sa mga antolohiya ni Eugenio. Sa pagbubuod, nakatitiyak tayo hinggil kay Amansinaya na siya ang diyos/a ng mga mangingisda.<sup>13</sup> Binabanggit ni Scott na may dalawa pang ibang diyos na maaaring katulad ng Virgen ng mga nabigador: si Tala, ang Bituin ng Umaga (sa pamamagitan ng taguring *estrella del mar*), at Haik, ang diyos ng dagat ng banayad na hangin at panahon (236-237). Nagpapanukala si F. Landa Jocano ng isa pang pigurang diyosa, si Anitun Tabu, subalit ang lahat ng mga diyos na binanggit ay nagdusa sa ilalim ng parehong kawalang pumeste kay Amansinaya: ang mga sangguniang Kastila ay waring hindi nagpapatunay sa kanilang pag-iral (Jocano 9).<sup>14</sup> Waring sa huli, maaari lamang makapaghinuha ng dalawang kongklusyon hinggil sa diyos ng nabigasyon: ang una ay ang pluralidad ng mga pagtatalaga ay pagpapalaki ng probabilidad na may naglahong katulad na nawala sa atin; at ikalawa, ang paglahong ito ay wari isang produktibong aporia, bilang sa kabila ng kawalan ng tekstong patunay upang mailatag sila, ang mga diyos ng tubigang Tagalog ay nananatiling may búhay na kanilang sarili sa matubig na oratura ng world wide web.

Panghuli, ang “virgen” ang huling salita sa pangalan sa Birhen na nais kong talakayin, ay tulad sa “navegantes” sa kawalan nito ng iisang kaparis sa wikang Tagalog. Sa halip, may isang buong pariralang ginagamit upang ilarawan ang tiyak na kalagayang Marian na ito:

BOÓ PANG CATAUAN. pc. Doncella *boó pang catauan*. Cuerpo aun entero.  
*Babaying boo pang catauan*. Muger doncella 1. Virgen.

---

Loarca na ang salaysay na ito ay mula sa pangkat etnikong Tinggian. Isa pang kakatwang pagbabago ang nangyayari kapag tatangkain ng isa na ihambing ang alamat ng paglikha kay Cole, at kay de Loarca: hindi lamang nagkakaiba ang mga tauhan ng mga salaysay ng katutubo, subalit ang alamat ng paglikha ni de Loarca ay hindi naitalâ sa pag-aaral ni Cole.

<sup>13</sup>Binanggit din kay de San Buenaventura, *Vocabulario de lengua tagala: El romance castellano puesto primero*, sa ilalim ng “idolo.”

<sup>14</sup>Habang hindi tayo pinahihintulutan ng mga pagsangguni ni Jocano na matukoy kung aling bahagi ng kaniyang teksto ang mula sa mga batayang panteksto, ipinakikilala naman niya ang kaniyang pag-aaral nang may ganitong pag-iingat: “Some of these stories are based on accounts written by early Spanish chroniclers who arrived in the Philippines during the sixteenth century; others on ethnographic studies undertaken by contemporary scholars and other writers. Many of these stories were originally secured by the writer during field trips made to various parts of the country from 1953 to 1955, from 1957 to 1959, and from 1964 to 1968.”

Ang katawan ng babae bilang isang katawan ay nahahati at nadudumihan ng pagpasok ng ari sa isang napaka-Kristiyanong konsepto, subalit ang katawang may kakayanang mahati ayon sa nais ay tiyak na tropiko. Hindi lamang nito tinatawag ang maalamat na pigura ng Bisayang manananggal, subalit ang pagtatabi nito sa katawan ng Ina ng Diyos ay isang kilos na labis na kahanay ng mga pamamaraang mapagpabagong-loob ng mga prayleng Kastila. Sa isang banda, naroon ang isang babaeng napakadalisay na ang kaniyang katawan ay tumataggi sa unang uri ng pagpasok ng ari, subalit sa kabilang banda, isang mangkukulam na labis nang nadungisan ng pambabastos na ang kaniyang katawan ay hindi lamang naisalikas sa pagkadurog nito, subalit nagbago upang masamantala ito at makakain mula dito. Subalit, habang ang paghahambing na ito ay maaaring pumatungo sa iisang kongklusyon sa paradigmang ideolohiko na Kastila-Katoliko (ang tagumpay ng banal na kadalisanan laban sa katutubong pagkasuklam), hindi nito nakakayang makipagkasundo sa umiiral nang salaysay ng katutubong birhen, siyang ganap na hindi mapalad na espesye ng dalaga, walang hanggang hindi magagawang mapasok ang kaligayahan ng Kaluwalhatian, ang kabilang-buhay.

Doctrina era, sembrada por el demonio en algunas y muchas de estas islas, y aun creo que en todas, que no se podia salvar fuese casada, o por casar la mujer, que no tuviese algun aficionado. Porque decian que este acudia en la otra vida a darles la mano en cierto paso de un rio muy peligroso, que no tiene puente, sino un madero muy angosto, el cual se ha de pasar para ir al descanso que llaman *calualhatian*. Y asi no conocian virginidad, ni hacian caso della, antes la tenian por desdicha y bajeza. (Chirino 65)<sup>15</sup>

Kaunting haraya lamang ang kinakailangan upang malirip ang pagtatagpo ng Birhen at ng manananggal, bilang ang huli ay nakakatakot sa kaniyang pamumuhay, ang una naman ay kasindak-sindak sa kaniyang walang-hanggang pagkakawalay mula kamatayan, at kapwa sila suhetong kinatatanggihan nang may magkatulad na kasidhian. Sa ibang salita, ano pa ang higit na hindi likas para sa anumang pag-iral, pagano man o Katoliko, kung hindi ang walang-hanggang hindi paghimbing sa gabi at kabaliwan ng isang buhay na walang katapusan, isang pag-iral na pinagbabawalan ng

---

<sup>15</sup>“Demonic doctrine was planted in many of these islands, and I believe that in all, it was not possible for the woman to save herself for marriage, or for a man to marry a woman who had no previous lovers. [It is] because here, they say that there is another person that comes to life, [whose purpose is] to help them cross a very dangerous river, which has no bridge but instead a very narrow beam, to rest in the place called *calualhatian*. And thus they did not know virginity, nor did they take care of it, and before they had it they lived such a life of misery and baseness.” (Salin ni Lacuna) Maaari ding sumangguni kay Scott, 238, na tinutukoy rin ang naunang sipi. Sa *Vocabulario de lengua tagala*, pinakahuhulugan ang “loualhati” bilang “luwalhati, pahinga, ituring na maayos.”

kaligayahan ng pangwakas na pahinga, na isang pag-iral na kinababahagian ng Birhen at ng mangkukulam? Ang hindi maaasahang pag-iisa ay nagtuturo ng hindi nakikitang pagkahalimaw na likas sa pagkakakilanlan ng Virgen del Rosario, subalit tahimik ding lumilikha sa kaniya bilang isang nababagay na pigura para sa mga mandaragat at iba pang pigurang hiwalay mula sa mga kaligayahan ng tahanan at dapugan. Sa pagitan ng dalawa, may isang binabahaging karanasan ng kawalan ng tahanan at palagiang kawalan ng kaligtasan, at kaya sino pa ang higit na nababagay na mamagitan para sa suliranin ng mga mandaragat, na ang gawain ay ang palagiang pag-alis at isang pinatagal na pagsasanay ng pagtitiis ng pangungulila, kung hindi ang diyosang hindi makababalik sa ipinangakong lupain ng katubusan, sa kabila ng at dahil sa kaniyang hindi mapapasukang kadalisayan?

At dito nararating natin ang isa pang tropikong kilos sa pagsasakatawan sa Virgen del Rosario sa Pilipinas. Hindi lamang siya makapangyarihan dahil sa kaniyang kaugnayan sa anak ng diyos at kaniyang kadalisayan, subalit ang kaniyang kapangyarihan ay nakamuog sa kaniyang mismong kawalang-kapangyarihan, at ang tiyak na sandaling ito ang nagsasahalimbawa sa anumang diskurso hinggil sa kaniya sa paradigma ng katutubong Hispano-Tagalog. Ang Birhen ay parating naisatulak sa mga kontradiksiyon ng kaniyang maraming pagsasama-sama, nahuhuli sa gitna ng maraming imahen ng hagiograpiyang kanluranin at alamat na Tagalog, subalit ang aporia ding ito ang pinakapinagmumulan ng kaniyang kapangyarihan. Sino ang Virgen del Rosario? Siya ang dalisay na dalaga, ang tagapagtanggol ng mga nabigador, ang ina ng diyos, ang tagapamahala ng bagyo, ang talà ng dagat, at ang pinakapinagpala sa babaeng lahat ng kasaysayan, subalit siya rin ang tagabulong sa hangin, ang nahahating mangkukulam, ang nawawalang diyos/a, ang nagtataglay ng aguimat, ang walang-hanggang nakaliligtas, siyang hindi namamatay, ang birheng hindi makatatawid, ang pinakanakasusuklam at pinakanagdadalaming pigura sa kanilang lahat. Siya ang paglaladlad ng onos antopod sa nag-iisang pigura, naipararating bilang hindi masasaling ng mapanakop na pagbubura subalit sa parehong sandaling tropiko, siya ring hindi na mabubura pa, siyang nalalabî maging matapos ang lahat ng anyo at katawan ay napawi na. Sino ba talaga ang tinatawag natin kapag tinatawag natin ang Virgen sa bagyo? Tinatawag natin ang Birhen ng mga Labî, na Nalalabî: ang Birhen ng Paglalabî.

## Ang Haring Sumusunod sa Bagyo

Salungat sa Birhen ang pigura ni Bernardo Carpio, ang maalamat na bayaning tampok sa isa sa mga pinakakilalang metriko romanseng Tagalog ng bansa. Kung nakatuon ang salaysay ng Birhen sa pagpapawala ng bagyo, iminumungkahi naman ng romanse ni Bernardo Carpio ang kinakailangang tropikong pagbaling na nangyayari sa pinakapaghabol dito.

Tulad ng Virgen del Rosario, sinasabing si Bernardo Carpio ay orihinal na isang likhang Kastila.<sup>16</sup> Malimit siyang itambis sa bayaning pranses na si Ronald, na sinasabi nina Genin at Castro bilang tiyak na pigurang nagtulak sa pagkakilaha ni Bernardo sa metriko romanseng Kastila (Genin 29). Itong maalamat, at maaaring pawang iisang panig, na pagkakaribal ay nabanat sa kamalayang Kastila na maging sa ilang poetikong pahayag, sinasabing nagawa niyang magapi si Roland sa laban ng Roncesvalles (Saavedra “Don Quixote”).<sup>17</sup> Ang nasyonalismo kung gayon ay maaaring isang susing puwersang nagpapagana sa pigura ni Bernardo sa kontinenteng Europeo, at hindi ito naglaho nang ang metriko romanse ay naging awit sa mga baybaying Tagalog. Pinangangatwiran ni Ileta at ni Castro sa magkaibang paraan<sup>18</sup> kung paanong ang salaysay ng hari sa ilalim ng bundok ay nagpapanukala ng isang uri ng kritika sa imperyong Kastila sa sandaling Tagalo-Hispano, at ang mga ganitong pag-uulit ay nakapagpapahintulot sa atin na mahihinuhang ang katangian ng pagkanyon ay isang maalingawngaw na konsepto sa pagpapahalaga ng awit. Waring ang

---

<sup>16</sup>Binabakas nina Eugenio, Castro, at Ileta ang pinakamalapit na katulad ng Filipinong Bernardo sa kapwa *Las Mocedades de Bernardo del Carpio* at *El Casamiento en la muerte* ni Lope de Vega. Tingnan kay Ileta, 98, Castro, 9, at Eugenio, “The Unfading Story of Bernardo Carpio,” 41-47.

<sup>17</sup>“He thought more of Bernardo del Carpio because at Roncesvalles he slew Roland in spite of enchantments, availing himself of the artifice of Hercules when he strangled Antaeus the son of Terra in his arms.”

<sup>18</sup>Nagpapatuloy si Jovita Ventura Castro sa higit na katulad na daloy ng pag-iisip kay Mojares sa pagpapalagay na ang metriko romanse ay may katulad na kalikasan at paggana sa epiko, na nagpapahintulot dito upang maging isang pamamaraan kung paano makapagkikritika ang isa sa mga panganib ng lipunang Tagalog. May higit na matibay na pagsusuri si Ileta sa ganitong pansin, na nangangatwirang inuulit ni Bernardo Carpio ang mga katutubong tropismo na nagpahintulot sa Rebolusyon ng 1896. Sina Rizal, Bonifacio, Flores, at del Pilar, lahat mga manunulat na nagtutulak para sa alternatibong relasyon sa Inang España, ay nakaunawa sa kapangyarihan ng metriko romanse at kumumpas tungo sa Hari sa Ilalim ng Kabundukan sa iba, at kung paniniwalaan si Ileta, matagumpay na mga paraan upang makabuo ng isang kamalayang nasyonal. Para sa mga pangangatwirang ito, tingnan kay Ileta, *Pasyon and Revolution*, 99-103; Ileta, “Bernardo Carpio,” 1-27; at Castro, 11-12.

mga tropo ng agresyong pambayani ay hindi nalalayo mula sa mga pahayag ng isang uri ng pagkakakilanlang pangnasyon.

Liban pa sa diskursong nasyunalista, gumagana ang mga tropong pambagyo sa isang kakatwang paraan sa salaysay na Tagalog ni Bernardo Carpio. Halimbawa, sa halip na pag-aangkop ng mga sukat zoolohiko ng kalakasang mapapansin sa mga naunang bahagi ng awit, ang lokal na alamat ay gumigiya mula sa pinanggalingan nito sa paglalarawan sa kalakasan at katapangan ni Bernardo sa pamamagitan ng kadalian ng kaniyang pagharap sa kulog at kidlat (Eugenio “The Legend of Bernardo Carpio” 4-5). Sa awit, ang panahon ay nagiging isa muling pantukoy ng pinakamalaking paggiya ng tekstong Tagalog mula sa romanseng Kastila, at napapansin ni Eugenio: “From this point on, the Philippine romance develops independent of its sources. In a highly fanciful conclusion, Bernardo is made to fight one last battle, not against mortal adversaries, but against lightning” (Eugenio “The Unfading Story” 47).

Ang higit na matalik na pagbasa ng teksto ay magbibigay ng apat na baryasyon ng tropo ng marahas na panahon. Mula sa ikaapatnapu’t isa hanggang sa ikaanimnapu’t tatlong saknong, ang pagtatapat ni Sancho kay Jimena ay naglalarawan ng lubos na katambisan sa pagitan ng kalugod-lugod na teritoryong hardin ng prinsesa mula sa karahasang pantubig ng mga damdamin ng kapitan. Ikinukubli ng panlabas na tagpuan ang panloob na damdamin, at matatagpuan ng mga mambabasa ang kanilang sariling nalalaman ang pagpapatuloy ni Sancho mula sa isang kalagayan ng payak na kamangmangan (“mistulang ulol”) tungo sa sakít na malabagyo sa dagat (“cahalimbaua ko,i, inunos nang saquit”) samantalang napalilibutan ng isang kaguluhan ng mga umuusbong na bulaklak (Castro 19-23). Ang kabagsikang meteorolohiko ay itinatabi sa kaabuhang botaniko, at ang guwang sa pagitan ng dalawa ang nagpapatindi ng atmosperang dramatikong pagtatapat ng pag-ibig na nagtatangkang pumuwersa ng sarili nito sa ninanais na mutualidad sa pamamagitan ng pawang lakas pandamdamin. Nagtatapat si Sancho sa sakít ng kamatayan; pinalalabis niya ang kalagayan nang napakarahas na sinisira niya ang anumang uri ng buhay sa labas ng pagtanggap ni Jimena, at ang harayang bagyong panloob ay naikuwadro bilang tadhana ng pisikal na katawan kung hindi ito mapapawala ng salungat na puwersa ng pagtugon. Maaari din nating mapansin na ang poetikong pahayag ay may kakatwang pagkakatulad sa katutubong tanaga<sup>19</sup> (“cun sinong cahalimbaua / nasa cati nagigiua”), at maipagpapalagay natin na ang damdamin at imahen ng pagkalitong atmosperiko ay malalim na iniibig ng harayang Tagalog,

---

<sup>19</sup>“Ang palar cong nasacuna,/ ipinagtatanong co nga, / cun sinong cahalimbua, / nasa cati nagigiua.” Mula kina Noceda at Sanlucar, sa “Ginà.”



bagaman sa pagkakataong ito nakapaloob sa salaysay ng pag-ibig na magalang at romanseng medyebal. Higit pa nating mababanat ang pagbasang ito sa pagmumungkahi ng sumusunod na pansing tematiko: ang bulaklak ng ipinagbabawal na pag-ibig ay pinalalago at ginagawang higit pang mahalaga ng maiitim na tubig ng kawalan ng pag-asa. Natatagpuan ng romanse ang pinakamainam nitong lupa kung nakahalo dito ang pagbabanta ng sarili nitong pagkabulok.

Ang mutualidad sa pagitan ng dalawang mangingibig bilang naipangako na sa puntong ito, ang bagyo-bilang-sakit-ng-pag-ibig ay napagbagong-anyo sa ikalawang sandali bilang bagyo-bilang-kabal, at ito ay naipakita ng awit sa parating pag-aatubili ng mga tropong pamanahon upang mailarawan ang hadlang sa romanse o ang katangiang malabayani na lumilintik sa lahat ng sagwil ng pag-ibig. Sa arkong pansalaysay ni Sancho na pakikipagtunggali sa mga Moro, binabanggit ang bagyo at ang mga metonimya nito nang may apat pang ulit, at ang lahat ng mga ito ay pagtukoy sa layong iginiit kapwa kina Sancho at Jimena, at kung ano ang ginagawa ng una upang mapawala ito.

88 At cundi ca mayag, cayo,i, magugunao  
 Itong iyong reino ay paglilintican  
 Hari ang sagot moa ng siya cong antay  
 Cun baga,t, papaya o cayo,i, lalaban.

.....

101 Ang acala niya,i, cun hindi pumayag  
 Sa mabuti na paquiqui-usap,  
 Cahima,t, humadlang ang culog at quidlat  
 Di siya tutugot cundi macaaquiat

.....

132 Na baquit malacas itong condeng ito  
 Sa doce pares ma,i, hindi nangingilo,  
 Capag naraanan ang tropa nang moro  
 Camuc-ha,i, halamang dinatnan ng baguio.

.....

219 Cahit ang humadlang sa oras na ito  
 Ang lentic at culog di babayaan co,  
 Sacsi ang espadang na sa catauang co  
 Ang hininga,t, buhay ay damay sa iyo. (Castro 25, 27, 31, 41)

Ang ikawalumpu't walong sakhong ay naglalarawan ng pagpapakilala sa bantang Moro na magpapalayo kay Sancho tungong pakikidigma sa mga Argelian, at ang kidlat ay ipinababaling bilang salik na representatibo ng nananakop na hukbo; ang unang daang sakhong ay naglalarawan ng unang

pag-akyat ni Sancho sa tore ni Jimena, at ang kidlat at kulog ay tinatawag bilang mga matayutay na hadlang na lalampasan ng katatagang romantiko ni Sancho; ang ikasandaa't tatlumpu't dalawang saknong ay naglalarawan ng kalakasan ni Sancho sa pakikipagtunggali sa mga Moro, at mula roon, siya ay naipagbagong-anyo bilang ang bagyo na nga. Panghuli, ang ikalawandaa't siyamnapung saknong ay nagsasalaysay ng kaniyang pangalawa at huling pag-akyat sa tore ni Jimena, at ang kidlat at kulog ay tinataya muli bilang mga sagabal sa kaniyang pasya. Ang hindi pagkakatugma sa kaniyang pagsasaanyo at sa mga kaugnay nitong unang tropo ng bagyo ay nagmumungkahi ng isang pagpapakabal ng salaysay; kung ang pag-ibig bago ang mutualidad ay inilalarawan bilang isang nakamamatay na sakit at ang pagtugon dito ang lunas, ang anumang uri ng komplikasyon matapos nito ay hindi kung gayon mahalaga kung ihahambing. Umuurong-sulong ang bagyo sa pagitan ng hadlang at ng katangiang pambayani sapagkat nagbigay ang pag-ibig kay Sancho ng kakayanan upang tumanggi, at pagkatapos magpailalim, sa lahat ng mga panganib na nakapaligid sa kaniya. Waring mahalaga sa pagkakataong ito ang madalas na inuulit na katotohanang kung anong hindi kumikitil sa iyo ay pawang makapagpapalakas sa iyo; kung hindi mapupuksa ng pag-ibig si Sancho, ang isang hukbo ng mga Moro o kahirapan sa pag-akyat kung gayon ay tiyak na hindi rin ito magagawa.

Subalit, nalalahuan ang pag-ibig ni Sancho ng pagtatangi ni Alfonso sa kaniyang kapatid, at naaantala ang isang masayang pagwawakas sa pagitan ng dalawang nag-iibigan ng pagkakakulong. Naglalaho ang tropo ng bagyo, kasama ng presensiya ni Sancho, mula sa salaysay at lumalabas lamang ulit matapos maabot ni Bernardo ang pagiging kabalyero at sinasakop na ang Imperio ng Carpio. Nagwawaring ang anak ni Sancho ay hindi lamang kagyat na nagmana ng kaugnayan sa atmospera ng kaniyang ama; sa halip nagsisimula ang kaniyang mga tropismo mula sa kosmo-botanikong “binhi,”<sup>20</sup> at saka gumagana sa mga baitang na zoolohiko sa kaniyang kabataan.<sup>21</sup> Tulad ni Sancho, gayumpaman, kayang tawagin ni Bernardo ang panahon sa kalagitnaan ng pakikipagtunggalian; ang pakikidigma ang tulak para sa kapangyarihang makapagbagong-anyo mula sa makalupang zoolohiya tungong makapapawiring meteorolohiya.

472 Ito,i, catapusan siyang cahanganan  
Nang imperiong ito na cabalitaan,  
Cayo,i, mangagsisi tanang casalanan  
At cayo,i, daratnan nang lentic cong camay. (Castro 71)

<sup>20</sup>Tingnan kay Castro, 29.

<sup>21</sup>Para sa higit na pagsusuri sa malahayop na paglaki ni Bernardo, tingnan kay Jacobo, 130-43.

Tulad ng katangian ng isang bayani ng epiko, nakahihigit ang kaibhan ng pisikal na kalakasan ni Bernardo sa nakamamangha nang kalagayan ng kaniyang ama, at mapahalalagahan ang kadalihan kung paano niya nalalampasan ang lahat ng kaniyang kaibigan at ninuno bilang umaabot na sa katangiang lampas sa kakayahan ng tao. Ang kalakasan, gayumpaman, ay hindi nagtitiyak sa kaniya ng tagumpay sa salaysay o kaganapang pandamdamin; sa kabila ng kaniyang kagila-gilalas na lakas, nahahanap ni Bernardo ang sarili bilang nalalamangan ni Don Rubio o Haring Alfonso, at tanging sa paraan lamang ng kaniyang puwersang sobrenatural na nagagawa niyang pabalingin ang mga kalagayang kahila-hilakbot sa kaniyang pabor. Sapagkat isa siyang batang lalaki sa katawan ng isang herkuleong kalahating-diyos, sapagkat isa siyang batang kumikilos sa ilalim ng pantukoy ng isang hayop (“Bernard”),<sup>22</sup> nagkukulang siya ng pagtitimpi upang pagharian ang kaniyang mga damdamin, at sa sandaling napag-alam niyang hindi maibibigay ng kaniyang mga labis-labis na karahasan ang kaniyang hinahanap, pinagtangis niya ito tulad ng batang siya at tumakbo sa Birheng Maria para sa mga kasagutan. Kaya, nang ipinabaling ni Bernardo ang kaniyang sarili sa “lintic [na] camay,” nagkakaroon tayo ng isang hindi sinasadyang parikalang dalawahang metonimya: ang parehong pagsasaanyong naghuhubad sa bagyo sa iisang salik ay nagpapaliit kay Bernardo sa kaniyang pinakamasama, subalit pinakamangmang din, na bahagi ng kaniyang katawan: ang kaniyang ipinansasandatang kamay. Hindi tulad ni Sancho, na pinatataas ang bagyo sa pamamagitan ng isang salaysay ng pag-ibig at napalalaki nito, ang tropikong kaugnayan ni Bernardo sa bagyo ay nakapagpapaliit sa kaniya at payak nakapaglalarawan sa kaniya bilang ito: isang napakapalad na mambubutang.

Higit pa itong magiging halata sa pagpasok ni Bernardo sa huling arkong pansalaysay ng kaniyang buhay, at sinimulan ang kaniyang paglalakbay upang silain ang mga hindi nananalig at mga sumasamba sa anito. Ang tanging lokasyong naabot niya ay isang abandonadong simbahan.

664 Mana nga,i, hindi pa nalalaon siya  
 Na sa pagdarasal pagca luhod niya,  
 Cumidlat lumintic nang catacataca  
 Taming tinamaan yaong leong isa.  
 .....

---

<sup>22</sup>“Derived from the Germanic element *bern* ‘bear’ combined with *hard* ‘brave, hardy.’ The Normans brought it to England, where it replaced the Old English cognate *Beornheard*.”

- 667 Gayon lamang pala uica ni Bernardo  
 Manga calacasan niyang catauan mo,  
 Mapalad ca lintic at malayo aco  
 At cun dili tantong sa abang aba mo.
- 668 Malaqui ang iyong manga capalaran  
 Na aco,i, malayo nang icao,i, magdaan,  
 At cun dili sana,i, may quinahinatnan  
 At quita,i, hinuli,t, acqing sinungaban.
- .....
- 671 Nang dili maubos matura,t, maisip  
 Mangaagalitan sa nutoc na lintic,  
 Tantong nag-aalab sa malaquing galit  
 Na halos magputoc ang caniyang dibdib. (Castro 94-95)

Mauunawaan, sa isang banda, ang hubris ni Bernardo. Hanggang sa puntong ito, walang sinumang tao ang naging panganib sa kaniyang kaligtasan, at bilang nagawa nang mapagana ang kapangyarihan ng “lintic” sa kaniyang pakikipagtunggali sa Imperyo ng Carpio, animo wala nang ikatatakot at pawang pinagpapatunayang kalaban ang lahat kung saan niya ipinapataw ang sariling kapalaluan. Subalit, pinatutunayan ng “lintic” ang sarili nito bilang hindi malulupig dahil sa sarili nitong bilis; hindi masisira ni Bernardo kung ano ang hindi niya mahahawakan, at nagbabago ang kaniyang kapalaluan bilang pagkainis nang walang mapagbabalingan. Kakatwang hindi niya maipahahayag man lamang ang labis na galit sa katahimikan ng kaniyang mga sariling kaisipan; kinakailangan niyang harapin ang Anghel ng Diyos bago pa man niya mapalawig ang kalikasan ng kaniyang galit. Ang Anghel, sa kabilang banda, ang maglalakip ng kaniyang pagpapaliwanag sa isang paglalahad nang kaniyang sarili: ang paghihinakit ni Bernardo ay hindi pawang isang reaksiyon, subalit isang tadhana.

- 686 Pagca,t, malaon nang panahong totoo  
 Ang linibot-libot guinalagalala mo,  
 Ang uica sa aquin ituro sa iyo  
 Lintic na pumutoc dito napatungo.
- 687 Dito rin sa bundoc na iyong naquita  
 Lintic ay nagsoot at nagtago siya,  
 Di mo maquiquita at maghihirap ca  
 Malalim na lubha quinalalagian niya.
- .....

689 Na cun aco ngayon ang siyang pumasoc  
Sa bundoc na yaon ay macapaloob,  
Ay di ma-aano sa aua nang Diyos  
Ayauan sa iyo,t, di co nasasacop. (Castro 97)

Isinasakatawan ng Anghel ang isang kakatwang kumpas sa eksenang ito: sa halip na utusan si Bernardong sundan ang utos ng Diyos, binigyan niya ang bayani ng isang sandali ng ahensiya. Siyempre, nakataya ang karangalan ni Bernardo laban sa pabor ng banal na kautusan. Kung susundin ni Bernardo ang babala ng Anghel, maaari pa siyang mabuhay at magpatuloy sa paghabol hindi lamang ng pakikipagsapalarang iniatang niya sa kaniyang sarili, kundi maging pagbalik sa pamanang ipinangako sa kaniya ni Alfonso; kung hindi, kung pipiliin niyang magtungo “where angels fear to tread” (Pope 359), nililigawan niya ang posibilidad ng paghanap at pagsupil sa wakas ng lintik, na makapagpapahaya sa kaniyang pangibabawan ang lahat ng buhay sa daigdig, kung hindi makatalo rin ng bagay ng langit. Itinatabi sa lahat ng pinakamatatamis na kaligayahang makamundo ang pagsupil ng langit, at ang babala, sapagkat hindi nga ito isang utos, ay labis na nakapagpapahiwatig. Sa eksenang ito, pinahihintulutan ng anghel si Bernardo na sumunod sa awit ng kaniyang sariling kapalaluan, at sa ganitong paraan, gumagana siya hindi bilang pawang bibig ng banal, kung hindi bilang tagapamagitan ng tukso. Siya ang mapagbaling na sandaling humihimok kay Bernardo upang pumili sa sarili ng landas tungo sa kaniyang pinakamahabang pagkatalo. At kung ang anghel ang tukso, ang lintik ang pagnanasa. Subalit pagnanasa para saan? Tulad ni Sancho, pawang ito: ang pagtugon, subalit sa halip na pag-ibig, agresyon. Naghahanap din si Bernardo ng kaniyang cahalimbaua.<sup>23</sup>

Nagtatapos ang awit sa pagkawala pa rin mula sa tanawin ng pinakaninang Kaiba ng bayaning Tagalog, subalit waring ipinararating na sa popular na harayang bayan ang damdamin at binanat sa mga interesanteng paraan. Bagaman natatagpuan ni Bernardo ang kaniyang sarili bilang hindi makapagpatuloy sa kaniyang paghahanap, inangkin na ng mga tao sa kanilang mga sarili na pahabain ang kaniyang pakikipagsapalaran sa pamamagitan ng pagdulog sa kaniya. Ang pinakakilalang tao mula sa pangkat na ito ay si Andres Bonifacio, na sinasabi ni Ileta na naglakbay mula sa kuweba ni Bernardo sa Bundok Tapusi noong Abril ng 1895 (99-102). Habang isinusulong ni Ileta ang dalawang dahilan kung bakit ang paglalakbay na ito ay kapwa praktikal at estratehikong kilos, iminumungkahi ko ang pagkakaroon

---

<sup>23</sup>Muli, isang paghahalaw mula sa naunang bugtong na Tagalog, subalit sa pagkakataong ito, bumaling tayo sa *Vocabulario* para sa paglilinaw. Ang *cahalimbaua*, sa pagpapakahulugan nina Noceda at Sanlucar, ay “Pagakatulad na mayroon ang isang bagay sa isa pa. *May kahalimbaua din iyan*. May pagkakatulad iyon.”

ng isang ikatlong higit na romantikong motibo. Maaaring ninais ni Bonifacio na ipanukala ang kaniyang sarili bilang nawawalang cahalimbaua ni Bernardo upang makalapit sa pamamagitan ng pagkakatulad hindi lamang ng kaniyang kalakasang epiko, subalit maging ng kaniyang pangalan bilang tagapagpalaya ng mga Tagalog. Nabaluktot ang romantikong pangarap na ito sa pagtawid sa realidad; maituturing bilang halò ang mga tagumpay ni Bonifacio sa Rebolusyon ng 1896 sa pinakamabuti nito, subalit ang kinalaunang pagiging hindi tiyak ay ang tunay ring nakapagpalapit sa kaniya kay Bernardo. Siya ay naging, hindi cahalimbaua ng lakas, subalit cahalimbaua ng pagkasuklam-suklam. Nakuha niya ang kaniyang ninanasa, bagaman sa paraang hindi niya inaasahan.

## Kinabukasan

Nahahanap ni Bernardo ang Virgen del Rosario sa bundok ng palagiang paghihintay: ang huli ay nasila sa kawalan ng kamatayan, habang ang una ay nakakulong sa walang hanggang pag-aabang, at ang pagbabahagi ng espasyong tematiko ang nagtatali sa kanilang dalawa sa isang poetikang pagkaangkan. Higit pa dito, ang mga suliranin ng parehong tauhan ay nakaangkla sa parehong obheto: mga lipunang katastrofiko. Sa isang tunay na ouroborikong paraan, ang Birhen at ang Hari ay maghihintay hanggang sa kanila ay hinihintay, at kapwa sila bumubuhay sa iba sa isang patuloy na siklo na dumaraan sa lahat ng pag-asa ng “hintay” at sa lahat ng dalamhati ng “dalita.”<sup>24</sup> Subalit, ang pag-urong-sulong sa pagitan ng dalawang maramdaming tunguhing ito ay hindi kasinghalaga ng bilis kung papaanong ang isa ay nagiging ang isa pa, at kabaligtaran nito. Mula sa isang pananaw na pampanitikan, waring ang nasa dulo ng lahat ng nosyong masakuna ay *asymptotikong tropikong pagbagal*. Maging ang pinakamasidhing

---

<sup>24</sup>Ang hintay ay “umasa, maghintay. *Um*, 1. *Mang*, ukol kay. *Hintin*, singkopado, *Mag*, itabi ang isang bagay para sa iba at maghintay para ibigay ito sa kanya. Kung ano *I*. Ganito rin ang *Mag*, maghintay, tulad sa kung ano ang sinasabihang maghihintay. Ukol kay, *In*.” samantalang ang talà para sa dalita ay “Maghirap, dumanas ng sakit, *Um*. Kung ano, *an*. *Maka*, makapagtiis. Ang anyo nito sa tinig balintiyak ay, *ma*. *Di ko maralita*. *Mag*, maghirap, dumanas ng. *Pag—an*, kung ano ang dinaranas. *Makipag*, dumanas ng isang bagay kasáma ang iba pa. *Magkaka*, dumanas ng paghihirap. *Magpa*, paranasin ang isang tao ng hirap. *Papag—in*, sino. *Ipa*, kung ano. *Ipagpa*, ang sahi. *Magpaka*, maghirap o kusàng magsakripisyo. *Napa*, pakiusapan ang isang tao na tulungan siya sa kaniyang pangangailangan. *Kadalitaan*, pagdarakop. *Mapagdalita*, ang táong palaging naghihirap. *Madalitang tauo*, punò ng paghihirap. *Pagdalita ito ng Diyos sa akin*, ito ay krus na bigay sa akin ng Diyos.”

kilos ay kinalaunang hihinahon, babagal, o gagagad ng kilos na sa pagkabawas ay isinasabuhay nito ang makilos na pagnahan, at ang lahat ng kilos na panghinaharap ay kung gayon magiging animo haraya sa sandaling ito. Sa isang pagpapahabang pamanahon, nawawala ang lahat ng kahulugan ng kalayuan; napagbabagong-ano ang pag-asa sa dalamhati at lumilikas sa isang walang hanggang segundo upang hindi maging naiiba mula sa isa pa.

Mainam na ipinagkakaloob ng kaisipan ng isang malawig na panahon ng pagsasalaysay na nagpapailalim sa lahat ng mga kasidhian ang sarili nito sa isang pasalungat na pagsusuri ng panahong pang-atmosperiko ng Pasipiko. Maaaring ang aralin na matututunan mula sa mga walang hanggang nilalang ay may ilang mga kaabalahan na hindi mailalatag sa pagdaloy ng mga araw, buwan, taon, o maging mga kakaibang pangyayari. Sa huli, kapag dumating ang mga bagyo nang may taon-taong regularidad, kinakailangang ng pag-aaral ng paunti-unting baryasyon na nag-iiba mula isa sa isa pa ang kinalaunang pagdaloy at pagkilos tungo sa isang pagsusuri ng pangkalahatang pilosopiya na nangangatwiran at tumutugon sa mga panahong ito ng mga katulad na pagkakaiba. Sapagkat isa mang Kastila sa Maynila o katutubo sa dagat ang tumatawag sa gitna ng isang bagyo, napipilitan ang Virgen na tumugon, anupamang anyo o senyas ng sakunang pantubig. Sapagkat naghihintay pa rin ang Pilipino, kinakailangang parating layunin ni Bernardo na mayanig ang kaniyang mga banal na tanikala at tangkaing isaganap ang kaniyang bigong tadhanang pagiging hari, metonimiko man, metaporiko, o sa parikalang post-kolonyalidad.

Kung ang karunungan ng tropikong atmospera ay na hindi magbabago ang panahon, subalit na magbabago ito sa mga paraang kilala natin, kung gayon ang higit na mahalagang panunuliranin, ang lunang walang karunungan, walang kaalaman, walang karanasan o pagkabilad, ay ang pag-aabang para sa isang panahon na ganap na kaiba sa anumang nakita na noon. Ang pagdating ng, ayon kay Derrida, l'avenir, o ang paparating na kinabukasan, ay masaganang muog para sa isang pasinayang pagsusuri, sapagkat nagsasaayos ito ng isang kinabukasan ng dalawang intelektuwal na hemispero sa halip ng isang anyo ng panahon na pawang naghihintay lamang tayong makarating.

In general, I try to distinguish between what one calls the future and what one calls "l'avenir." The future is that which—tomorrow, later, next century—will be. There is a future which is predictable, programmed, scheduled, foreseeable. But there is a future, l'avenir which refers to someone who comes whose arrival is totally unexpected. For me, that is the real future. That which is totally unpredictable. The Other who comes without my being able to anticipate their arrival. So if there is any real future, beyond the other known future, it is l'avenir in that it is the coming of the Other when I am completely unable to foresee their arrival. (*Derrida*)

Ang pagiging pangkalahatan ng pahayag ay mapaghati, subalit may isang kakapalan ditong maaaring madekonstrukta. Siyempre, ang pangako ng umaasang kagalakan (sapagkat ano pa nga ba ang higit na nakarahuyo sa mga intelektuwal kaysa abot-tanaw ng mga hindi pa naiisip na posibilidad?) na ipinanunukala ng kaisipan ng l'avenir ay kinakailangan makita nang may uri ng eskeptisismo, at makatutungo tayo hanggang sa pagpaparatang dito ng isang ignorante at apolitikong abstraksiyon sa ilalim ng katotohanan ng kontemporaryong pagbabago ng klima at ng bilang ng mga búhay-taong nakataya. Ang konsepto ng isang hindi mahuhulaang kinabukasan bilang “pinakatunay” na kalagayan ng mga pangyayari, anuman ang maaaring kahulugan nito, ay kinakailangang makapagsalalay sa katotohanang ang mga kaisipang ito ay may materyal, politikal, at panlipunang kalalabasan. Sa meterolohiya, nagsimula nang magparamdam ang l'avenir sa metapora ng “black swan hurricane,” o isang bagyong ganap na hindi pa nakahaharap noon na mapipilitan maging ang agham ng panghuhula na kaharapin ang mga hangganan nito (Masters, kay Nesbit), na mauunawaan na naghuhudyat para sa isang pagwawakas na nga ng kilalang mundo. Ang sisne ay hindi maitatangging isang analogo ng isang paparating-na-kinabukasan, subalit kung sadya man o nagkataon ang pagkakatulad nito ay hindi na kasinghalaga, sa tingin ko, ng hindi maitatangging katunugan sa pagitan ng dalawang termino at kung ano ang tinutukoy nito para sa mga taong sangkot sa mga salaysay na klimatiko. Kinakailangang makipagkasundo ng pagpapanukala ni Derrida ng l'avenir sa kontemporaryong paggana ng panghuhula, na naging isang pangangailangan na ito para sa karamihan at nakapagsagip na ng mga buhay na nahúli ng mga sakunang atmosperiko, sa parehong paraang kinakailangan ng mga kasanayang pang-agham na makipagbunuan sa mga pamanang imperyo nito at harapin ang katotohanang ang meteorolohiya bilang isang disiplina ay hindi malaya mula sa mga karahasang pangkasaysayan at represyong ideolohiko. Sa pakikisalamuha ng dalawahang kritika, malalim na pinakaninanais ang pagtatagpo ng dalawang dominyo ng kaalaman at ang kanilang magkasamang pagtitipan sa katanungan ng etika; kung ganap na makapagtataya ang alinman sa kung ano ang kalalabasan ng hindi mahuhulaan o mahuhulaang realidad, ayon sa mga pagtatayang kapwa nila ipinaglalaman, ayon sa mga taong kapwa nila iminumungkahing paglingkuran, at kung may mga posibilidad ba sa parehong ito na makaigpaw sa mga hangganang pandisiplinang nirerepresenta nila sa isa't isa.

Ang posibleng sintesis ng pilosopiyang Pranses at agham Americano ay masagana nang muog para sa anumang sumunod na araling ekokritikal, subalit nais kong wakasan ang pagsusuring ito sa isang ambag mula sa bokabularyong Tagalog. Kina Noceda at Sanlucar, ang salita para sa hinaharap ay nagmumula sa salitang ugat na “bucas.” Alinsunod sa pagdiin, sa mga unlapi at hulapi nito, maari itong mangahulugan ng maraming bagay, tulad ng pagdating ng isang



bagong araw, ang pagbabago mula sa paggawa ng pang-araw-araw (“renovar lodos los dias”), ang paggana ng isang lagusan (“pagbucsan mo aco”), o ang pagbibilad ng anumang nakakubli.<sup>25</sup> Sa tayutay, ginagamit din ag “bucas” upang tukuyan ang kaliwanagan ng mukha matapos gumaling ng isa mula sa sakit (“Nagbucas man din nang muc-ha”). Sa mga alamat ni Bernardo Carpio at ng Virgen del Rosario, ang konsepto ng “bukas” ay naisasahalimbawa ng kawalan ng pagsasara ng salaysay; nagtatampok ang kapwa salaysay ng kawalan ng hangganan ng mga eksenang ang mga kinahaharap ay maituturo lamang sa pamamagitan ng pagpapahalagang mapagharaya at malikhain. Sa ibang salita, samantalang hindi pinahihintulutan para sa kapwa pigura sa kanilang mga kalagayang literal, maisasabagong-anyo ang isang daan sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng bukas-na-wakas. At mula noon, napakakaunti na lamang ang kinakailangan upang isipin ang bukas-na-wakas bilang pagkabukás, mula bukás tungong bukásán, isang paraan kung saan ang imposible at hindi masasabing anyo ng kalayaan ay hindi lamang hinaharayang umiiral, kung hindi nakamit.

Samakatwid, maaari nating sabihing ang pag-iisip na Tagalog hinggil sa kinabukasan ay kinatatangian ng ganitong subersibong uri ng kabukasan. Mula sa isang pananaw na ekokritikal, maaaring mangahulugan ang *bukas* ng isang kabukasan sa ganap na karanasan ng panahon, mula sa katakot-takot hanggang sa mainam, o isang kabukasan sa lahat ng anyo ng kaalaman hinggil dito, mula sa alam sa hindi alam hanggang sa kataka-taka, na nakapagbibigay-kaalaman sa lahat ng mga sumunod na paradigma ng mga kilos panghinaharap hinggil dito. Ang bukas, sa aking isip, ay hindi isang kalagayan ng pagiging, o isang ibinigay nang nakapaloob sa mga tiyak na tao sa isang tiyak na lugar

---

<sup>25</sup>BUCAS. pp. Búkas. *Magbucasbucas*, 1. *Magpabucasbucas*, gawin ang bagay búkas sa halip na ngayon. Ang ano. *Ipag*. 1. *Ipag pa*. Para kay, *pag—an*. *Magpanibucas*. pc. Baguhin araw-araw. *Pinagpanibucasa*. pc. *Nang lagnat*, ang táong mayroon nito. *Bucasin*, gawin mo na lamang iyan búkas: *Ualang bubucasin*, wala siyang pahalaga sa kinabukasan: *mabucasan ma,i, anhin?* KAhit na ipagpabúkas mo iyan, wala pa ring mangyayari. *Cabucasan*. pc. kinabukasan.

Obos obos biyaya,  
*bucas nama,i, tunganga*.

Ubusin ngayon ang lahat ng biyaya. *Arao na quinabucasan*. Ang susunod na araw matapos ang tinutukoy na araw.

BUCAS. pc. Buksan, alisan ng takop.. *B. in. M*, 1. *Mag. In*, ang ano. *Y*, 1. *Ipag*, gamit ang. *Bucasan*, ang tinakpan, ó ukol kay. *Bucsan*, 1. *Bucsi*, buksan mo ito. *Pabucsan*, 1. *PAbucasan mo aco*, sabihin mo na pagbucsan ako. *Pabucsan mo ang mahal na Virgen sa manga sacristanes*, sabihin mo sa mga sakristan na kilalanin nila si Birheng Maria. *Mag*, alisan ng takip. *Na—an*, maging ganoon. *Mabucasan ca*, huwag mong itago ang iyong kapangitan. *Mamumucas*, tagapagbukás. *Nagbucas mandin nang muc-ha*, sinasabi ito patungkol sa isang táong kagagáling lamang sa isang karamdaman.

o panahon. Ang bukas ay isang mapaglahad na kalagayan, isang aktibong nakikisalamuha sa nakaraang katutubo, sa kasalukuyang moderno, at sa buong saklaw ng mga pagkakasangkot at pagpipilit na nakaligid sa mga lipunang postkolonyal, nang hindi nawawala sa paningin ang mga realidad na masalimuot na kabuhol sa pagharap. Ang bukas ay ang kumpas na Tagalog na humahalughog sa putikan ng kasaysayan sa isang pamamaraang nailalahad ng putik ang sarili nito bilang naglalaman ng liwanag ng isang panibagong hinaharap. Sapagkat maaaring kapag nagbukas lamang at naibilad ang mga tao sa magkakakawing na relasyon ng kanilang mga tagumpay at kabiguan makakayanan nilang mahukay ang liwanag. ng isang kinabukasang nananahan sa kanilang mga sarili, naghihintay lamang ng isang pagbubukas, isang bukas, kung saan makasisinag ito at makapagpapaalam. *Kinabukasan*.

*Isinalin ni Christian Jil R. Benitez.*

## **Mga Sanggunian:**

Aduarte, Fray Diego. "History of the Dominican Province of the Holy Rosary." *The Philippine Islands 1493-1803*, vol. XXX. Project Gutenberg, 2014.

"Bernard." *Behind the Name*. Binuksan Pebrero 24, <http://www.behindthename.com/name/bernard>.

Castro, Jovita Ventura, Antolina T. Antonio, Patricia Melendrez-Cruz, Josefina T. Mariano, Rosella Jean Makasiar-Puno, pat. "Bernardo Carpio: Text of 1860." *Anthology of Asean Literatures: Philippine Metrical Romances*. Nalandingan Inc., 1985, pp. 9-98.

Chirino, Pedro. *Relacion de las Islas Filipinas*. Imprinta de Esteban Balbas, 1890.

Derrida. Idinirehe ni Kirby Dick at Amy Ziering, may tinig at partisipasyon ni Jacques Derrida, Jane Doe Films, 2003. <https://www.youtube.com/watch?v=Pn1PwctJfwE&t=687s>

Derrida, Jacques. "Justices." Salin ni Peggy Kamuf. *Critical Inquiry* tomo 31, blg. 3, tagsibol ng 2005, pp.689-721.

- Eugenio, Damiana. "The Unfading Story of Bernardo Carpio." *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*. University of the Philippines Press, 1987.
- \_\_\_\_\_. *Philippine Folk Literature Series III: The Legends*. University of the Philippines Press, 2011.
- "Galeno." Diccionario de la lengua española, *Real Academia Española*. Binuksan Pebrero 3, 2017. <http://dle.rae.es/?id=IjYQY1U|IjbFklS>.
- Genin, Par. F. Introduksiyon. *La Chanson de Roland*. Imprimerie Nationale, 1850.
- "History of Dominican Friars: The Foundation and Origin of the Order of Preachers." *Dominican Friars' Foundation*. Binuksan Pebrero 9, 2017. <http://dominicanfriars.org/about/history-dominican-friars/>.
- Ileto, Reynaldo Clemeña. "Tradition and Revolt." *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Ateneo de Manila University Press, 1979, pp. 75-113.
- \_\_\_\_\_. "Bernardo Carpio: Awit and Revolution." *Filipinos and their Revolution: Events, Discourse, and Historiography*. Ateneo de Manila University Press, 1998, pp. 1-28.
- Jacobo, J. Pilapil. *Mood of Metaphor: Tropicality and Time in the Philippine Poetic*. 2011. Stony Brook University, PhD disertasyon.
- Joaquin, Nick. *La Naval de Manila and Other Essays*. Albert S. Florentino, 1964, pp. 15-35.
- Jocano, F. Landa. *Outline of Philippine Mythology*. Centro Escolar University Research and Development Center, 1969.
- Lumbera, Bienvenido. *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development*. Ateneo de Manila University Press, 2001.
- Mojares, Resil. "Stalking the Virgin." *Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine Cultural History*. Ateneo de Manila University Press, 2006, pp. 140-170.
- \_\_\_\_\_. *Origins and Rise of the Filipino Novel*. University of the Philippines Press, 1983.
- de Montfort, St. Louis. *The Secret of the Rosary*. Edited by Darrel Wright. Montfort Publications, 2008.

- Nesbit, Jeff. "This is how the world ends: will we soon see category 6 hurricanes?" *The Guardian*, 15 September 2018. [https://www.theguardian.com/us-news/2018/sep/15/hurricane-category-6-this-is-how-world-ends-book-climate-change?CMP=fb\\_gu](https://www.theguardian.com/us-news/2018/sep/15/hurricane-category-6-this-is-how-world-ends-book-climate-change?CMP=fb_gu)
- Noceda, Juan de and Pedro Sanlucar. *Vocabulario de la lengua tagala*. Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1860.
- \_\_\_\_\_. *Vocabulario de la lengua tagala*. Edited by Virgilio S. Almario, Elvin R. Ebreo, Anna Maria M. Yglopaz. Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.
- Ocampo, Ambeth, "La Naval de Manila," *Inquirer.Net*, 24 October 2012. <https://opinion.inquirer.net/38052/la-naval-de-manila>. Binuksan 21 Setyembre 2018.
- Pope, Alexander. "An Essay on Criticism." *The Norton Anthology of Theory and Criticism*, W.W. Norton & Company, 2010, pp. 349-362.
- "Rempujar." Diccionario de la lengua española, *Real Academia Española*. Binuksan 5 Pebrero 2017. <http://dle.rae.es/?id=IjYQY1U|IjbFkIS> the Rosary is a maneuver split is decidedly tropical. Not only does it hail its Visayan relative <http://dle.rae.es/?id=VvjQFRk>.
- Rodriguez, R. P. Fr. Mariano. *Resena historica de la Milagrosa de la Virgen del Rosario*. Tipografia de Santo Tomas, 1907.
- Roten, Fr. Johann. "Star of the Sea." *International Marian Research Institute, University of Dayton*. Binuksan 2 Pebrero 2017. <https://udayton.edu/imri/mary/s/star-of-the-sea.php>.
- Saavedra, Miguel de Cervantes. *Don Quixote*. Salin ni John Ormsby, Project Gutenberg, 2004.
- Scott, William Henry. "Tagalog Society and Religion." *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Ateneo de Manila University Press, 2015, pp. 189-216.